



Mga Pagsusuri

Mga Pangkaraniwang Pagsusuri ng Dugo para Masubaybayan ang Kalusugan

Ang mga pagsusuri ng dugo ay makapagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa pangkabuuan ng kalusugan at ang sakit na HIV. Mayroong pagsusuri na isinasagawa tuwina bilang pangunang kasangkapan sa pag-alam ng kalagayan. Mayroon namang isinasagawa kapag may partikular na pangamba sa kalagayan ng iba't ibang bahagi ng katawan.

Para sa bawat pagsusuri, ang mga laboratoryo ay may iba't ibang hanay (range) o tinatawag na “normal”. Ang mga resulta ng pagsusuri na nasa labas ng normal na hanay (range) ay maaring mangahulugang may kinababahalaang kalagayan. Siguruhing mapag-usapan ang resulta ng pagsusuri at alamin sa manggagamot kung ano ang kahulugan nito para sa iyong kalusugan.

Narito ang mga uri ng pagsusuri ng dugo:

Kumpleto o Hustong Pagbilang ng Dugo (CBC)

Ang hustong pagbilang ng dugo ang pinakapangkaraniwang pagsuri sa dugo doon sa mayroong HIV/AIDS. Ito ay sumusukat at sumusuri sa iba't ibang uri ng cells na bumubuo sa dugo, kasama na ang cells ng pulang dugo, cells ng puting dugo at platelets.

Pagsusuri sa Cell ng Pulang Dugo

Ang cells ng pulang dugo ang naghahatid ng oxygen mula sa baga tungo sa mga cells ng buong katawan. Mayroong tatlong pagsusuring isinasagawa na sumusukat sa cells ng pulang dugo. Ito ay:

1. Bilang ng Cell ng Pulang Dugo (RBC) – sumusukat sa bilang ng lahat ng cells ng pulang dugo
2. Hemoglobin (Hgb) – sumusukat sa protina na nasa cells ng pulang dugo na naghahatid ng oxygen sa iba't ibang bahagi ng katawan
3. Hematocrit (HCT) – sumusukat sa bahagi o porsyento ng lugar na inuokupa, o dami, ng cells ng pulang dugo

Kapag mababa ang bilang ng cells ng pulang dugo, ito'y nagpapahiwatig na may anemia. Ito'y maaring dahilan sa labis na pagkawala ng dugo o kakulangan sa paggawa ng dugo. Para sa mga mayroong HIV/AIDS, ang anemia ay maaring dahilan na rin ng impeksyong HIV o ng gamut na laban sa HIV gaya ng AZT (Retrovir).

Pagsusuri sa Cell ng Puting Dugo

Ang cells ng puting dugo (leukocytes) ang humahadlang at lumalaban sa mga impeksyon sa katawan. Ang dalawang pagsusuring isinasagawa na sumusukat sa cells ng puting dugo ay:

1. Bilang ng Cell ng Puting Dugo (WBC) – sumusukat sa bilang ng lahat ng cells ng puting dugo
2. Ang Differential” - sumusukat sa bilang o porsyento ng limang uri ng cells ng puting dugo sa katawan: neutrophils, lymphocytes, monocytes, eosinophils at basophils. Ang bawat isa nito ay katulong sa iba't ibang paraan sa paghadlang at paglaban sa mga impeksyon. Ang T-



cells (CD4 cells), na nagsasaayos ng immune system, ay isang kaibang anyo ng puting cells na tinatawag na lymphocytes.

Bilang ng Platelet

Ang platelets ang bahagi ng dugo na kinakailangan sa pamumuo. Ang mababang bilang ng platelet ay maaring sanhi ng HIV o ng mga gamot. Ang panganib na duguin ay nadadagdagan kapag ang bilang ng mga platelet ay mas mababa kaysa normal na hanay (range).

Ang Pangsala o Pantabing sa Kimika

Ang mga pagsusuring ito ang bumibilang sa iba't ibang kemikal sa dugo upang mapagalaman kung maayos ang takbo ng katawan.

Electrolytes

Ang Electrolytes ang bumibilang sa antas ng mineral sa katawan, katulad ng sodium, potassium, chloride at bicarbonates. Ang electrolytes ay tumutukoy sa pagpapantay ng fluid sa mga cells. Kapag may hindi pagkakapantay ang mga ito, maaring mangahulugan na may problema sa puso o sa bato.

Pagsubok sa Kalagayan ng Bato

Ang pinakang pangkaraniwang pagsusuring ginagamit para sa kalagayan ng bato ay ang creatinine. Ito ay dumi na nagmumula sa pagtunaw ng protina at panghihina ng kalamnan. Ang mataas na bilang nito ay nangangahulugang hindi naisasagawa ng bato ang pagtatanggal ng mga dumi mula sa katawan.

Pagsubok sa Lagay ng Atay

Kasama sa pagsubok sa lagay ng atay ang ilang mga pagsusuri na bumibilang sa iba't ibang enzymes o protina sa atay, puso at mga kalamnan. Kasama rin ditto ang ALT (alanine, aminotransferase, o tinatawag na SGPT), AST (aspartate aminotransferase, tinatawag na SGOT), LDH (lactic dehydrogenase), alkaline phosphatase at bilirubin. Ang antas ng mga enzymes na ito ay tumataas kapag may kapansanan ang atay. Ang pangkaraniwang pinagmumulan nito ay pagkasira dahil sa alcohol, hepatitis, mga gamut o iba pang kagamutan.

Amylase

Ang amylase ay enzyme na nailalabas ng salivary glands at ng pancreas. Kapag mataas ang antas ng amylase, maaring may panganib na magka pancreatitis o pamamaga ng pancreas. Ito'y maaring side effect ng mga sumusunod na gamot laban sa HIV ddI (Videx), ddC (Hivid) at d4T (Zerit).

Glucose

Ang glucose ay asukal na nasasa dugo. Ang mataas na antas ng glucose ay maaring dahil sa diabetes mellitus. Ang impeksyong HIV o ibang mga gamot laban sa HIV (gaya ng ddI, ddC, d4T at protease inhibitors) ay maaring maging dahil sa abnormal na antas ng glucose sa pamamagitan ng pagsira sa pancreas, na siyang pinagmumulan ng insulin na nagkokontrol sa sugar sa dugo, o sa pamamagitan ng pagpapawalang bias sa insulin (insulin resistance).



Ang Cholesterol at Triglycerides

Ang Cholesterol at triglycerides ay iba't ibang klang ng taba o lipid na nasa dugo at siyang ginagamit na panukat ng kalagayan ng nutrisyon o ang panganib ng sakit sa puso. Ang hindi wastong antas ng taba sa katawan ay maaring sanhi ng katagalan ng impeksyong HIV, gayundin ang paginom ng ibang gamut laban ditto, lalo na ang protease inhibitors. (Tingnan ang Fact Sheet tungkol sa “Lipodystrophy” kung nais ng karagdagang impormasyon.)

May ibang mga pagsusuri na nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa kalusugan, kalagayan ng mga organo o bahagi ng katawan, at kaayusan ng sustansya, gaya ng protina, albumin, calcium, vitamin B12, lagay ng thyroid at free testosterone sa kalalakihan.

Ang mga pagsusuring ito, kasama ng pagbilang ng T-Cell (CD4) at viral load, ay nagbibigay ng mas buong kalarawan ng kalusugan at kalagayan at takbo ng katawan. Ang pagsubaybay sa mga resulta ng mga pagsusuri ay makatutulong sa iyong pagsubaybay sa kalusugan at nang higit na makasali sa pagpapasiya at pagsasagawa ng mga disisyon tungkol sa iyong paggamot.

Copyright @ACAS 2001 & 2006. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.